

FILIPINO SIGN LANGUAGE: SANGKAP TUNGO SA INKLUSIBONG EDUKASYON

by:

Lorna V. Galapon

Teacher III, Mariveles National High School- Poblacion

Ang wika ay hindi lamang midyum ng komunikasyon kundi salamin din ng kultura at pagkakakilanlan ng isang bansa. Karaniwang inaakala na ang wika ay pasalita lamang at nakabatay sa tunog; subalit mayroon ding wikang biswal na nananatiling sistematikong paraan ng komunikasyon na may sariling balarila, estruktura, at kahulugan, at aktibong ginagamit ng isang komunidad.

Ito ay ang Filipino Sign Language (FSL), na kinikilalang pambansang sign language ng Pilipinas alinsunod sa Filipino Sign Language Act o mas kilala bilang “The Filipino Sign Language Act.” Sa batas na ito, pinatutunayan na ang FSL ay isang ganap at lehitimong wika at minamandato ang paggamit nito sa mga paaralan, midya, at mga transaksyon sa pamahalaan (National Council on Disability Affairs, 2026). Ang legal na pagkilalang ito ay nagpapakita na ang FSL ay hindi alternatibong anyo lamang ng komunikasyon kundi isang opisyal at kinikilalang wika sa pambansang antas.

Ano nga ba ang batayan upang masabing ito ay isang lehitimong wika? Hindi ito simpleng pagsasalin lamang ng berbal na salitang Tagalog o Ingles, at lalong hindi lamang ito simpleng paggalaw ng kamay lamang. Sa pananaliksik nina Tabingo at Lovitos (2025), ipinakita na ang FSL ay may sariling sintaks at estruktura, kabilang ang mga padron tulad ng Topic-Comment at Object-Subject-Verb sa pagkakasunod-sunod ng mga pahayag. Taglay rin nito ang morpolohiya o pagbubuo ng mga salita sa pamamagitan ng iba’t ibang handshapes at iconicity (ang direktang representasyon ng anyo o galaw ng isang bagay), pati na rin ang paggamit ng non-manual signals gaya ng ekspresyon ng mukha at galaw ng katawan.

Mayroon din itong mga partikular na senyas para sa pagpapakita ng paggalang (hal., Ate, Kuya, at Po), na nagpapakita ng kultural na konteksto ng wika. Hindi ito simpleng galaw lamang at hindi rin ito kapareho ng American Sign Language, sapagkat ang bawat sign language ay may sariling sistemang lingguwistiko at kasaysayan. Samakatuwid, ang FSL ay may malinaw na katangiang lingguwistiko at kultural na sumasalamain sa identidad ng mga Pilipino sa Deaf community.

Mahalagang sangkap ng inklusibong edukasyon ang integrasyon ng FSL sa asignaturang Filipino. Bukod sa paglinang ng kakayahang pangkomunikatibo, ang layunin ng asignaturang ito ay ang pagpapahalaga ng kultura at payabungin ang identidad ng pagiging Pilipino. Ayon sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng Saligang Batas ng 1987, ang wikang pambansa ay dapat payabungin at pagyamanin salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at iba pang wika. Dahil isang bansang multilingguwal ang Pilipinas, naging maselang usapin ang FSL sapagkat ito ay wikang ginagamit ng mga may espesyal na pangangailangan sa pandinig. Gayunpaman, isinulong ni Carolyn Dagani, tagapangulo ng Philippine Federation of the Deaf (PFD), ang pagkakaroon at pagpapalaganap ng FSL bilang hakbang upang payabungin ang Wikang Pambansa batay sa mandato ng konstitusyon (Saga, 2026). Kung tunay na layunin ng edukasyon ang pagiging inklusibo, nararapat lamang na kilalanin at talakayin ang FSL bilang bahagi ng mas malawak na konsepto ng Wikang Filipino sa halip na ituring na hiwalay o marginal na wika. Sa pamamagitan nito, naipapakita sa mga mag-aaral na ang wika ay maaaring magkaroon ng iba't ibang anyo at ang bawat anyo ay may pantay na halaga.

Higit pa rito, ang pagsasama ng FSL sa diskurso ng asignaturang Filipino ay nagtataguyod ng kamalayang panlipunan at paggalang sa karapatang pangwika ng Deaf community. Ang daan tungo sa inklusibong edukasyon ay hindi lamang pagbibigay ng akses sa silid-aralan kundi pagkilala rin sa dignidad at identidad ng bawat mag-aaral. Pinatutunayan nito na ang Filipino Sign Language ay hindi lamang lehitimong wika

kundi isang mahalagang sangkap tungo sa mas makatarungan at inklusibong sistema ng edukasyon.

References:

An Act Declaring The Filipino Sign Language As The National Sign Language Of The Filipino Deaf And The Official Sign Language Of Government In All Transactions Involving The Deaf, And Mandating Its Use In Schools, Broadcast Media, And Workplaces – RA 11106 | National Council on Disability Affairs. (2026). Ncda.gov.ph. <https://ncda.gov.ph/disability-laws/republic-acts/ra-11106/>

Tabingo, S. D., & Lovitos, A. H. R. (2025). Analyzing Filipino Sign Language through Systemic Functional Linguistics. International Journal of Research and Innovation in Social Science, IX(II), 4423–4434. <https://doi.org/10.47772/ijriss.2025.9020347>

Saga, Rhea. (2026). Pagtuturo ng sign language sa Asignaturang Filipino sa Inklusibong paaralan: Tungod sa pagpapatupad. Scribd. https://www.scribd.com/document/833193684/Pagtuturo-ng-sign-language-sa-Asignaturang-Filipino-sa-Inklusibong-paaralan-Tungod-sa-pagpapatupad#google_vignette